ISABUHAY

- Paano ka magbabago mula sa pagmamahal na sa salita lamang tungo sa pagmamahal na may gawa at paglilingkod sa kapwa? Sino sa mga tao sa buhay mo ang kailangan mong mahalin ng ganito?

_____

_____

- Anong ugali o pag-iisip ang sa tingin mo'y pinapabago sayo ng Diyos upang ika'y matutong magmahal ng tama?

_____

_____

- Hinihikayat tayo sa 1 Pedro 4:10 na gamitin ang mga kakayahang ibinigay sa atin upang paglingkuran ang kapwa. Sa tingin mo, anong kakayahan ang pupwede mong gamitin upang paglingkuran ang iyong pamilya, trabaho, o simbahan? Humingi ng tulong sa iyong mga kagrupo na makahanap ng pagkakataon upang maisagawa ito.

_____

_____

- May naalala ka bang pagkakataon na may isang church volunteer na nagbigay ng mabuting impresyon sayo? Ano ang napansin mo sa kanya? Anong naramdaman mo sa karanasan na ito?

_____

_____

IPANALANGIN

- Hingin sa Diyos na ipakita Niya sa atin ang mga pagkakataong maipamalas natin ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod.
- Ipagdasal na maging maayos at mainam ang EN2010 *Philippine registration* sa ika-1 ng Marso.
- Ipanalangin ang mga bagong *volunteers* sa taong ito na magkaroon sila ng sigla at dedikasyon na maglingkod at sila'y lumago sa kani-kanilang mga *ministry*.

EN2010 MANILA

JULY 22-24, 2010
SMX CONVENTION CENTER, MALL OF ASIA COMPLEX
WWW.EN2010.COM

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

FIT TO SERVE

[FILIPINO]

Sermon Notes

Date: _____

Text: _____

Small Group Material

PAG-USAPAN

- Isipin ang pinakahuling gawain na iyong nilahukan kasama ang isang grupo. Ano ang iyong naging bahagi rito ? Ano ang naranasan mo sa pagtulong dito?
- May gumawa na ba ng malaking pabor para sa iyo? Anong naramdaman mo at paano mo ito tinugunan?

ARAL

"Mga anak ko, huwag tayong umibig sa salita lamang kundi umibig tayo sa gawa at katotohanan."

1 Juan 3:18

Pangunahing Aral: Nakikita ang pag-ibig ng Diyos kapag tayo'y naglilingkod sa ating kapwa.

Maraming bagay ang madaling sabihin ngunit mahirap gawin. Isa na dito ang pagmamahal sa kapwa. Madaling sabihin sa iba na mahal natin sila ngunit ibang usapan naman ang pagsasabuhay nito. Gayunpaman, hinahamon tayo ni Apostol Juan na magmahal ng higit sa salita lamang. Sinasabi niyang ang katibayan ng ating pagmamahal ay maipapakita sa ating mga gawa.

Habang lalo nating naiintindihan kung gaano tayo kamahal ng Diyos at paano ito ipinakita ni Hesus sa pag-alay Niya ng Kanyang buhay para sa atin, lalo nating magagawang ialay ang ating buhay para sa iba (tingnan ang 1 Juan 3:16,17).

Ang pag-ibig ni Kristo ang nag-uudyuk sa atin upang pagsilbihan ang kapwa.